

ONCOLOGY CENTER OF EXCELLENCE

MULTIPLE MYELOMA

Ang **multiple myeloma** ay ang pangalawang pinakakaraniwang kanser sa dugo. Ang mga taong may multiple myeloma ay may pagtaas ng abnormal na mga selula ng plasma sa bone marrow at sa karamihan ng mga kaso ay pagtaas ng isang uri ng protina na tinatawag na monoclonal protein sa dugo o ihi.

Maaari kang magkaroon ng mga pangkalahatang sintomas ng pagkapagod dahil sa mababang bilang ng dugo, impeksyon o pananakit na nauugnay sa pagkasira ng buto o pagkabali o maaaring wala kang mga sintomas at maaaring na-diagnose ng mga natuklasan na mababang bilang ng dugo sa regular na pagsusuri.

Ang Multiple myeloma ay mas karaniwan sa mga edad 65 at mas matanda na ang karamihan ay

na-diagnose sa pagitan ng 65 at 74 taong gulang. Ang sakit ay mas karaniwang nangyayari sa mga lalaki kaysa mga babae. Ang mga African American ay dalawang beses na mas malamang na ma-diagnose ng multiple myeloma kaysa sa mga puti sa US.

Hindi alam kung bakit mas malamang na magkaroon ng multiple myeloma ang ilang tao kaysa sa iba. Ang ilang mga tao na may pre-cancerous na kondisyon na “namumuong multiple myeloma” ay maaari rin na magkaroon ng mas mataas na panganib na magkaroon ng sakit.

Gagawa ang iyong doktor ng diagnosis ng multiple myeloma batay sa pagkakaroon ng isa o higit pang mga natuklasan sa dugo, bone marrow o mga pagsusuri para sa mga buto.



Kung ikaw ay na-diagnose na may multiple myeloma, may mga dahilan para sa pag-asa.

Kahit na ang multiple myeloma ay nananatiling walang lunas, ang mga tao ay nabubuhay nang mas matagal sa pag-apruba ng mga bagong therapy. Gayundin, may mga bagong gamot sa pagbuo at mga pagkakataong lumahok sa mga klinikal na pagsubok.

32, 270

Tinatayang bilang ng mga bagong kaso ng multiple myeloma sa Estados Unidos noong 2020.

71%

5-taong survival rate para sa mga maagang na-diagnose.

48%

5-taong survival rate kung saan kumalat ang kanser sa malayong bahagi ng katawan.

20%

Porsiyento kung saan bumuti ang 5-taong survival rate para sa multiple myeloma sa Estados Unidos mula 1999-2001 hanggang 2010-2016.

Anong mga opsyon sa paggamot na inaprubahan ng FDA ang magagamit para sa mga pasyenteng may multiplemyeloma?

Mayroong ilang mga gamot na inaprubahan upang gamutin ang multiple myeloma. Ang ilan sa mga gamot na ito ay maaaring inumin, habang ang iba ay ibinibigay bilang iniksyon sa pamamagitan ng iyong mga ugat o sa ilalim ng balat (subcutaneous).

Ang iba pang mga opsyon sa paggamot para sa mga pasyente na na-diagnose sa unang pagkakataon o para sa mga pasyente na ang sakit ay bumalik (relapsed) o hindi tumugon sa mga naunang paggamot (refractory) ay kadalasang kinabibilangan ng mga kumbinasyon (regimen) ng mga gamot mula sa dalawa o tatlong grupo na karaniwang pinagsama sa isang steroid.

Ang iyong doktor ay maaaring magrekomenda ng mga partikular na kumbinasyon batay sa pagsasaalang-alang ng isang stem cell transplant para sa mga pasyente na bagong diagnosed na may multiple myeloma at iba pang mga aspeto tulad ng mga side effect ng mga gamot. Ang ilang mga gamot ay inaprubahan din na ibigay bilang isang solong gamot (monotherapy) para sa mga pasyente na bumalik ang sakit o hindi tumugon sa naunang paggamot.

Sa kabila ng maraming magagamit na opsyon sa paggamot sa maramihang myeloma ng FDA, dapat ko pa bang isaalang-alang ang pagpapalista sa isang klinikal na pagsubok?

Ang mga klinikal na pagsubok ay maaaring maging isang opsyon para sa mga taong may mga sakit na nagbabanta sa buhay kabilang ang maramihang myeloma upang sumubok ng mga bagong gamot na binubuo.

Dagdag pa rito, ang pagkakaroon ng mas

magkakaibang representasyon sa mga klinikal na pagsubok ay makakatulong sa pag-unawa sa kaligtasan at benepisyo ng mga bagong paggamot sa mas maraming pasyente.

Sa pamamagitan ng iyong pagpapatala ng mga klinikal na pagsubok,

nakakatulong kang madagdagan ang kaalaman kung paano nakakaapekto ang mga partikular na genetic marker sa aktibidad ng mga gamot at iba pang aspeto ng multiple myeloma.

- Ang impormasyon ng Klinikal na Pagsubok ay makukuha sa www.clinicaltrials.gov. Ang FDA ay hindi nagsasagawa ng klinikal na pagsubok na pananaliksik.
- *Ang Pinalawak na Access* ay isang programa na nagbibigay-daan sa mga pasyente na subukan ang isang klinikal na pagsubok. Kilala rin ito bilang Mahabagin na Paggamit. Bisitahin ang www.fda.gov at hanapin ang Pinalawak na Access para sa mga Pasyente para sa karagdagang impormasyon.

Ano ang mga pangunahing grupo ng mga gamot na ginagamit upang gamutin ang maramihang myeloma:

Immunomodulatory na gamot
Proteasome Inhibitors
Monoclonal antibodies
Nuclear export inhibitor
Histone deacetylase inhibitor
Mga gamot sa
Chemotherapy na mga gamot na
Antibody na gamot na conjugate

ONCOLOGY CENTER OF EXCELLENCE

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

@ FDAOncology@fda.hhs.gov

@FDAOncology

WWW.fda.gov/oce



FDA U.S. FOOD & DRUG
ADMINISTRATION

10903 New Hampshire Avenue • Silver Spring, MD 20993

www.fda.gov